

Mga Madalas na Katanungan Tungkol sa Bagong Kautusan na Nag-uutos sa Mga Indibidwal na Manatili sa Bahay ("Shelter at Home")

Nai-update Marso 22, 2020

Ang Kautusan ay epektibo simula Marso 17, 2020 ay naglilimita sa mga aktibidad, paglalakbay at operasyon ng negosyo sa mga pinakamahalagang pangangailangan o mga "essentials" lamang. Ang mga patnubay ay nabuo sa pamagitan ng mahahalagang impormasyon mula sa Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas ng mga Sakit / US Centers for Disease Control and Prevention (CDC) at mula sa ibang mga opisyaes ng kalusugan sa buong mundo. Ang kautusang ito ay epektibo hanggang Abril 7.

Tandaan na ang mga FAQs na ito ay patuloy na maii-update. Inaanyayahan namin kayo na balikan ulit ang mga ito para sa mga pagbabago at paglilinaw.

PANGKALAHATANG TANONG TUNGKOL SA KAUTUSAN

Ano ang magagawa ng Kautusan na ito?

Ang Kautusan na ito ay nagpapatupad na ang karamihan sa mga tao ay manatili sa bahay simula sa lalong madaling panahon, ngunit hindi lalampas sa 12:01 ng umaga ng Martes, Marso 17, 2020, maliban kung nakikibahagi sila sa ilang mga "Mahahalagang Aktibidad" na itatalakay pa sa ibaba. Para sa karamihang mga tao, nangangahulugan na ikaw at ang mga nakatira kasama mo ay dapat manatili sa bahay. Pinahihintulutan kang umalis sa iyong bahay para sa mga tiyak na dahilan upang siguarduhin na mayroon kang mga pangangailangan sa buhay (tinalakay pa sa ibaba) tulad ng pagkuha ng mga suplay ng pagkain at medikal. Pinapayagan kang pumunta sa labas upang alagaan ang isang alagang hayop o para sa ehersisyo hangga't hindi ka nagtitipon sa isang pangkat at mapanatili ang hindi bababa sa anim na talampakan ng distansya sa pagitan mo at ng ibang tao. Kung ikaw ay may sakit dapat mong ihiwalay ay iyong sarili, kasama na, sa abot ng makakaya mo, mula sa mga kasambahay mo (higit pa sa ibaba).

Kailan magiging epektibo ang mga Kautusan na ito?

Nag-umpisa ang Kautusan ng 12:01 ng umaga noong Martes, Marso 17, 2020.

Hanggang kailan ang bisa ng Kautusan na ito?

Ang Kautusan ay kasalukuyang nakatakda na magtatagal ng tatlong (3) linggo - hanggang 11:59 ng gabi ng Martes, Abril 7, 2020. Ang County Health Officer ay maaaring magpasya na paikliin o pahabain ang panahon ng pagpatupad nito. Gaano katagal ang paghihigpit o restriksyon na isinasagawa ay depende sa pagpapasya ng Opisyaes ng Kalusugan sa County "County Health Officer" upang maprotektahan ang kalusugan ng publiko.

Maaari bang mabago ang Kautusan?

Oo. Ang Health Officer ay maaaring gumawa ng mga pagbabago sa Kautusan ayon sa mga impormasyon na natatanggap ukol sa pampublikong kalusugan at maaring mag-isyu ng mga bagong direktiba at kautusan na nauukol sa sitwasyon. Regular na subaybayan ang website ng County sa <http://www.sccphd.org/coronavirus> para sa mga update. Ang County ay nakikipag-ugnayan sa media upang magbahagi ng mahahalagang mga update at impormasyon.

Saan magiging mabisa ang Kautusan?

Ang Kautusan na ito (o sa katulad ng kautusan) ay may bisa sa anim na pinakamataong county ng Bay Area, kabilang na ang mga county ng Marin, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, Contra Costa, at Alameda at Lungsod ng Berkeley.

Sino ang naglathala o nagpapatupad ng Kautusan?

Ang Kautusan na ito ay ipinatupad ng Pangkalusugang Opisyal ng County ng Marin, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, Contra Costa, at Alameda at Lungsod ng Berkeley. Ang mga opisyal ng pangkalusugan ay may autoridad ayon sa batas ng estado na mag-issue ng mga Kautusan upang pangalagaan ang kalusugan at kapakanan ng bawat isa na sinasaklaw.

Kinakailangan o mandatory ba ito o mungkahing lamang?

Oo, ito ay mandatory. Ang Kautusan na ito ay isang ligal na Kautusan na inilabas sa ilalim ng awtoridad ng batas ng California. Kinakailangan kang sumunod, at ito ay isang krimen (isang misdemeanor) kung hindi susundin ang Order o Kautusan.

Nagpatakbo ako ng isang Mahalaga/ "Essential" na Negosyo, tulad ng tinukoy ng Kautusan. Kailangan ko bang kumuha ng isang opisyal na liham ng pahintulot mula sa County upang mag-operate o magbukas?

Hindi. Kung ang iyong negosyo ay nakatala bilang Mahahalaga/ "Essential" na Negosyo na ibinigay sa Kautusan, kung gayon maaari mo itong patakbuhan o mag-operate. Hindi mo kailangang kumuha ng anumang pahintulot mula sa County upang gawin ito.

Namamasukan ako sa isang Mahalaga/ "Essential" na Negosyo, tulad ng tinukoy ng Kautusan. Kailangan ko bang kumuha ng permiso o documento mula sa aking employer upang maglakbay?

Hindi. Hindi mo na kailangang kumuha ng opisyal na dokumentasyon na nagpapakita na ikaw ay hindi napapailalim o "exempted" sa ilalim ng Order/ Kautusan. Ngunit maging handa na ipaliwanag kung hinihingi ng law enforcement o nagpapatupad kung bakit awtorisado ang iyong paglalakbay sa ilalim ng Kautusan.

MGA TANONG TUNGKOL SA "SHELTERING IN PLACE" O PAMAMALAGI SA TAHANAN.

Ano ang ibig sabihin ng "shelter in place?" o pamamalagi sa tahanan?

Ang salitang "shelter in place" o pananatili sa tirahan ay nangangahulugang manatili sa iyong tahanan at huwag umalis maliban lang kung kinakailangan ayon sa itinalagang eksepsyon na nakalista sa Tuntunin o Kautusan (tinalakay nang higit pa sa ibaba).

Nabalitaan ko na mayroong Kautusang ipinapatupad sa buong estado na pananatili sa bahay o "shelter in place". Kailangan ko pa bang sumunod sa Kautusan ng County ng Santa Clara?

Oo. Bilang karagdagan sa pangkalahatang utos sa buong estado, ang Kautusan ng Tagapangasiwa ng Kalusugan ng County noong Marso 16, 2020 ay nananatiling epektibo. Ang lahat ng mga residente ay dapat sumunod sa mga paghihigpit na ayon sa Kautusan ng County at ng Estado. Kung magkaiba ang mga Kautusan sa dalawang ito (County at Estado), dapat kang sumunod sa mas mahigpit na Kautusan.

Ano ang pagkakaiba ng "sheltering in place" o pananatili sa bahay at "social distancing" o panglipunang pagdidistansya?

Ang "sheltering in place" ay isang mahigpit na uri ng panglipunang pagdidistansya "social distancing".

"Sheltering in place" o pananatili sa iyong bahay o lugar ay nangangahulugan ng:

- Kailangang magtigil o manatili sa bahay
- Maaari lamang iwanan ang iyong tahanan para sa "mahahalaga o essential na aktibidad," upang magtrabaho para sa isang "mahahalaga o essential na negosyo," o para sa "mahahalaga o essential na paglalakbay," na tinukoy sa Order (tingnan ang Mga FAQ para sa mga detalye)
- Hindi pinahihintulatan na maghost o dumalo sa anumang mga pagtitipon

Dapat mo ring mapanatili ang 6 **talampakan** na distansya mula sa ibang tao hangga't maaari, hugasan ang iyong mga kamay nang madalas nang hindi bababa sa 20 segundo (o gumamit ng hand sanitizer), madalas na disimpektahin ang mga high-touch o palagiang hinahawakan na ibabaw, at manatili sa bahay kung ikaw ay may sakit.

Maaari ba akong umalis sa bahay upang bisitahin ang mga kaibigan o miyembro ng pamilya kung walang mahahalagang pangangailangan o hindi ako nagsasagawa ng mga mahahalaga o essential na aktibidad?

Hindi. Para sa iyong kaligtasan pati na rin ang kanilang kaligtasan, kailangan nating magtulungan para labanan ang pagkalat ng COVID-19 sa pamamagitan ng pananatili sa bahay.

Maaari ko pa bang makuha ang aking mga sulat at parsela?

Oo. Makukuha mo pa rin ang iyong mga sulat at iba pang mga parsela sa iyong bahay.

Maaari pa ba akong bumili ng mga bagay na kailangan ko sa online at maipapadala ba ang mga ito sa aking tirahan?

Oo. Kinikilala ng Kautusan ang mga negosyo na naghahatid ng mga kalakal o serbisyo na direkta sa mga tirahan bilang "mahahalaga/ essential na negosyo" na maaaring magpatuloy na o mag-operate.

Maaari ba akong lumabas para maglaba o magpalaba ?

Oo. Panatilihin ang "social distancing".

Maaari ba akong makakuha ng aking mga reseta o iba pang mga pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan? Maaari ba akong umalis ng bahay upang pumunta sa parmasya upang mapunan ang aking reseta?

Oo. Ang mga tindahan ng gamot at iba pang mga tindahan ng mga suplay ng medikal ay pinapayagan na magoperate. Kapag posible dapat kang magkaroon ng mga iniresetang gamot at mga suplay ng pangangalaga sa kalusugan na naiihatid o delivery sa iyong tahanan.

Ako ay isang tagabigay ng serbisyong medikal (medical provider) - maaari ba akong manatiling bukas para sa mga hindi mahahalaga o "non-essential" na serbisyo?

Oo, kung ikaw ay isang tagabigay ng serbisyong medikal , ang iyong tanggapan ay hinikayat na manatiling bukas. Sa ilalim ng Order o Kautusan, ang lahat ng mga serbisyong medikal, kabilang ang karaniwan at pangangalagang pag-iwas sa sakit o preventive care ay itinuturing na mahalaga o "essential". Kasama dito, ngunit hindi limitado sa, mga serbisyong pangkalusugan sa kaisipan, pagbabakuna, pagsusuri sa kapakanan ng kababaihan, paglilinis ng ngipin, mga bakuna sa allergy, eksaminasyon sa mata, pisikal na therapy, at mga operasyon. Ang pag-iingat o preventive na pangangalaga ay hindi dapat ipagpaliban. Maraming mga pagbisita ang nangangailangan ng mga pagsusuri o mga pamamaraan na dapat gawin nang personal, ngunit ang mga praktista ay hinikayat na magsagawa ng mga appointments na ligtas sa pamamagitan ng telepono o telemedicine kung naaangkop at maaaring gawin.

Maari ba akong magpatuloy sa mga serbisyo ng reflexology, massage therapy, chiropractic o katulad na mga serbisyo?

Maari mong ipagpatuloy ang mga serbisyong ito hanggat ang iyong "health care provider" o doktor ay nagpasya na ito ay mahalaga para sa iyong kalusugan.

Maaari pa ba akong pumunta sa aking mga appointment sa Kalusugang Pangkaisipan (Mental Health)?

Oo, ang mga appointment sa kalusugang pangkaisipan ay maaaring ipagpatuloy. Ang mga pasyente ay dapat kumunsulta sa kanilang mga praktista kung nararapat at maayos na maisagawa ang mga appointments sa kalusugang pangkaisipan (mental health).

Maaari pa ba akong pumunta sa aking grupong treatment ng substance abuse (hal. Alcoholics Anonymous o Narcotics Anonymous) o iba pang mga sesyon ng grupong nagpapayo?

Ang lahat ng mga kalahok sa mga serbisyong nagpapayong grupo ay dapat na dumalo sa mga pagpupulong kung handa silang gawin ito. Ang mga grupo ay dapat gumawa ng mga paraan para sa bahagyang suporta kung posible. Kung ang bahagyang pakikilahok ay hindi maaaring gawin o hindi dapat ipayo, ang partisipasyon ay maaaring gawin ng personal ngunit naaayon sa social distancing o tamang agwat sa pakikihalubilo sa lipunan ayon sa Kautusan, kabilang dito ay dapat panatilihin ang distansya na hindi bababa sa 6 na talampakan at paliitin ang bilang sa grupo upang maiwasan ang malapitang pakikipag-ugnayan sa bawat isa.

Anong mga resources ang available para sa mental na kalusugan (mental health) sa mga nakakaranas ng pagkabalisa?

Ang mga sumusunod na resources ay magagamit upang matulungan ang mga nakakaranas ng pagkabalisa o matinding pagaalala:

- 24/7 Mga Call Center para sa Behavioral na Pangkalusugan:(800) 704-0900
- Text Line para sa mga Krisis: Itext RENEW sa 741741
- Suicide at Crisis Hotline 24/7 (855) 278-4204
- Kung ikaw ay nakakaranas ng emerhensiya tumawag kaagad sa 911.

Dapat bang isarado ang mga cafeterias sa mga ospital?

Hindi. Ang mga cafeteria ng ospital ay nabibilang sa natutukoy na exempsyong mga healthcare facility na maaaring magbukas. Ang mga cafeteria ay dapat na nakaayos upang matiyak ang pagitan na anim (6) na talampakang distansya sa pagitan ng mga hindi magkakasamang indibidwal na pi-pick up ng pagkain o kumakain sa pasilidad. Ang mga Cafeteria ay dapat magdagdagan ng paglilinis at pag-disimpekta upang mabawasan ang panganib na malantad sa sakit at hanggat maari ay sundin ang Social Distancing na tinukoy sa Kautusan. Ang mga cafeteria sa lahat ng iba pang mga pasilidad ay dapat sundin ang mga patakaran sa Kautusan - partikular na ang dapat pag-uwi ng pagkain o ipa-delivery lang, at hindi maaaring kainin ang pagkain sa cafeteria.

Paano kung kailangan kong makakuha ng pangkalusugan serbisyo mula sa aking tagapangalaga ng kalusugan?

Maaari mo pa ring makuha ang iyong mga pangangailangan para sa iyong kalusugan. Dapat kang makipag-ugnay sa iyong tagapangalaga ng kalusugan upang makita kung nagbibigay sila ng mga regular na serbisyo. Ang ilang mga serbisyo, lalo na ang mga opsyonal na procedures, ay maaaring ipagpaliban o kanselahin. Kung may sakit ka, mangyaring tawagan muna ang iyong doktor, nurse hotline, o isang madaliang "urgent care" na sentro ng pangangalaga. Huwag pumunta sa emergency room ng ospital maliban lang kung mayroon kang isang aktwal na emerhensiya.

Dapat bang mag-ipon ako ng pagkain, mga pangangailangan tulad ng tisyu paper, at ng mga gamot?

Hindi. Patuloy mong mabibili ang mga item na ito. Ang mga tindahan na nagbebenta ng mga mahahalagang bagay tulad ng mga grocery store, parmasya, at mga tindahan ng hardware ay mananatiling bukas. Mangyaring magpatuloy na bumili ng katamtamang dami ng mga kagamitan sa karaniwang iskedyul na iyong kinagawian. Ito ay upang matiyak na mayroong sapat para sa lahat.

Ano ang dapat kong gawin kung ako ay may sakit? Kung ako o isang miyembro ng pamilya ay nangangailangan ng madaliang atensiyong medikal, maaari bang umalis sa bahay upang pumunta sa doktor o ospital?

Kung may sakit ka, mangyaring tawagan muna ang iyong doktor, nurse hotline, o isang madaliang sentro ng pangangalaga o "urgent care". Huwag pumunta sa emergency room ng ospital maliban lang kung mayroon kang isang aktwal na emerhensiya. Ngunit dapat kang humingi ng payong medikal kung ikaw o isang miyembro ng pamilya mo ay may sakit. Kung hindi ito emerhensiya, mangyaring makipag-ugnay sa iyong pangunahing tagapangalaga ng kalusugan "primary care provider" upang matukoy ang mga susunod na hakbang. Gayundin, maaari mong suriin ang online na resources patungkol sa mga mapagkukunan ng impormasyon para makatulong sa pagsuri ng iyong mga sintomas kung nag-aalala ka kung mayroon ka o isang mahal mo sa buhay ng COVID-19 na virus. Dapat mong tingnan ang <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/index.html> para sa karagdagang impormasyon. Tumawag sa 911 o pumunta sa ewmergency room kung nakakaranas ka ng emerhensiyang medikal.

Maaari ba akong umalis sa bahay upang alagaan ang aking mga matatandang magulang o kaibigan na nangangailangan ng tulong? O isang kaibigan o miyembro ng pamilya na may kapansanan?

Oo. Siguraduhing protektahan mo sila at ang iyong sarili sa pamamagitan ng pagsunod sa mga alituntunin sa panglipunang pagdidistansya "social distancing" tulad ng paghuhugas ng mga kamay bago at pagkatapos, paggamit ng hand sanitizer, pagpapanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakan ng distansya kung posible, at pag-ubo o pagbahing sa isang tisyu.

Maaari ko bang bisitahin ang mga mahal ko sa buhay na nasa ospital, pag-aalaga sa bahay "nursing home", o iba pang pasilidad na tirahang may pangangalaga o "residential care facility"?

Maaari kang bumisita sa isang ospital o iba pang pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan para lamang sa hangarin na makakuha ng mga serbisyong pangangalaga sa kalusugan at mga gamit o supplies. Ang mga di-mahahalagang pagbisita "non-essential" ay hindi pinapahintulutan. Huwag bisitahin ang isang nursing home, bihasang pasilidad sa pag-aalaga, o pasilidad ng pangangalaga sa tirahan maliban sa layunin na magkaroon ng pangangalaga. Ang mga taong mahigit sa 60 taong gulang ay partikular na mahina sa COVID-19.

Paano kung hindi ako makalabas ng bahay? Paano ako makakakuha ng mga supplies at pagkain?

Mangyaring makipag-ugnay sa mga kaibigan, pamilya, o iba pa na alam mo na maaaring makapagbigay ng tulong. Pinapayagan silang kumuha o magpick-up ng iyong pangangailangan. Maaari ka ring mag-order ng pagkain at iba pang mga supply, at maihatid ito sa iyong tahanan. Kung sa palagay mo ay karapat-dapat ka o "eligible" sa mga "meals on wheels", tumawag sa 408-350-3246 upang simulan ang proseso ng eligibility upang maging lihitimo.

Maaari ba akong umalis sa bahay upang pumunta sa aking simbahan, sinagoga, o moske?

Hindi. Para sa iyong kaligtasan pati na rin ang kanilang kaligtasan, kailangan nating magtulungan para labanan ang pagkalat ng COVID-19 sa pamamagitan ng pananatili sa bahay. Ngunit ang mga lugar ng pagsamba ay maaaring mag-alok ng remote na pag-access sa mga serbisyo, tulad ng mga email, video streaming, o teleconference.

Ipinagbabawal ng Order o Kautusan ang di-mahahalagang paglalakbay tulad ng paglalakad o pagbibisikleta - nangangahulugan ba ito na hindi ako makalakad o sumakay ng bisikleta?

Hindi. Pinapayagan ka ng Order o Kautusan na pumunta sa labas para sa ehersisyo hangga't pinapanatili mo ang "social distancing" (higit sa 6 talampakan mula sa mga taong hindi bahagi ng iyong kasambahay). Kasama dito ang mga aktibidad tulad ng mga paglalakad o paghahike o pagsakay sa bike o pagpunta sa isang park.

Maaari ba akong umalis sa bahay upang mag-ehersisyo?

Kung pareho kayong nasa labas at malayo sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao, oo. Kung malapit o nagtitipon, hindi. Ang mga fitness center, ehersisyo sa gym, mga rekreasyonal na libangan, mga golf course, at pampublikong pool ay hindi pinapayagan na gumana o mag-operate.

Maaari bang manatiling bukas ang mga golf courses?

Hindi.

Nag-aalala ako kapag ako ay nasa bahay lang. Pinayagan ba akong pumunta sa isang park o maghike? Maaari ba akong maglakbay sa park ng County o mga open space?

Oo. Ang paglilibang ng ilang oras sa labas ng tahanan ay nagpapabuti sa ating kalusugan, at partikular na nakakabuti sa mga bata. Maaari kang maglakad-lakad at pumunta sa mga parke, at makisali sa iba pang katulad na mga aktibidad, ngunit dapat mapanatili ang social distancing (ibig sabihin, higit sa anim na talampakan ang layo mula sa mga taong hindi bahagi ng iyong kasambahay) kapag nasa mga paglalakad at sa mga park upang maiwasan ang pagkalat ng virus.

Maaari ba akong mamili para sa mga bagay maliban sa pagkain / groceries?

Oo. Maaari kang mamili para sa anumang bagay na nauugnay sa pangangalaga sa kalusugan, mga supply ng hardware, mga supply na kinakailangan sa telecommute, at mga suplay na kinakailangan sa kaligtasan at kalinisan. Ngunit dapat mong bawasan ang hindi kinakailangang mga paglalakbay.

Maaari ba akong pumunta sa bar / nightclub / teatro?

Hindi. Ang mga lugar ng libangan ay hindi pinapayagan na mag-operate

Maaari ba akong pumunta sa isang restawran, café, kape o tsa, ice cream shop, o iba pang lokasyon ng foodervice?

Oo, ngunit upang kunin o i-take out lamang ang pagkain. Hindi ka makakain, kumain, o uminom sa loob o sa paligid ng pasilidad.

Maaari ko bang ilakad ang aking aso / alagang hayop?

Oo. Siguraduhing nilalayo mo ang iyong sarili ng hindi bababa sa anim na talampakan mula sa iba na hindi bahagi ng iyong sambahayan.

Maaari ba akong pumunta sa isang vet o pet hospital kung may sakit ang aking alaga?

Oo. Mangyaring tawagan muna upang malaman kung ang vet ay may anumang mga paghihigpit na isinasagawa.

Hindi ako nagluluto - paano ako makakabili ng pagkain?

Ang mga restawran, cafe, trak ng pagkain, at mga katulad na establisimiyento ay maaaring manatiling bukas upang matustusan ang mga pagkain sa publiko ngunit sa delivery o take out lamang. Maaari ka ring bumili ng mga inihandang pagkain sa mga groseriya, supermarket, sertipikadong farmers' market, convenient stores, at iba pang mga nagtitingi ng pagkain.

Paano ko mai-access ang libre o murang pagkain para sa aking sarili o sa aking pamilya?

Ang mga paaralan, mga soup kitchens, mga food banks, at iba pang mga pasilidad na nag-aalok ng libre o mababang presyo ng mga bilingin o pagkain sa mga mag-aaral o iba pang miyembro ng publiko ay hinikayat na magpatuloy sa pagbibigay ng mga serbisyong ito. Dapat mong i-pick up at kunin ang pagkain o i-deliver ito sa iyo. Huwag kumain sa lugar.

Maaari ko bang dalhin ang aking mga anak sa park at maaari ba naming gamitin ang mga palaruan?

Pinapayagan ka ng Kautusan na makisali sa mga aktibidad na panlabas, sa kondisyon na mapanatili mo ang "social distancing" Habang hinihikayat namin ang paggamit ng mga park, mariing pinapayuhan ang di paggamit ng mga palaruan dahil kasama ito sa mga palagiang hinahawakan, at dahil sa karaniwang hindi posible na mapanatili ang "social distancing" o malayuang pagtitipon.

Maaari ba akong magsagawa ng pagbisita na ipinag-utos ng korte "court-ordered visit" sa aking mga anak?

Oo. Ang Order ay may eksempyon sa mga paglalakbay na ipinag-uutos ng korte o pinapatupad ng batas.

Maaari ba at dapat ba akong magdonate ng dugo kung ako ay malusog?

Oo at Oo. Ang mga bangko ng dugo, mga sentro ng donasyon ng dugo, at mga kilos ukol sa pagbibigay ng dugo ay eksempted na operasyong pangkalusugan o health care. Kung ikaw ay malusog at walang mga sintomas ng COVID-19, hinihikayat ka na mag-donate. Ang pangangailangan para sa sapat na mga donasyon ng dugo mula sa mga taong malusog ay kritikal.

Maaari at dapat ba akong magbigay ng dugo kung ako ay malusog?

Oo, Ang mga banko ng dugo, mga sentro ng donasyon ng dugo, at mga kampanya para sa dugo ay eksempted na operasyong pangkalusugan o health care. Kung ikaw ay malusog at walang mga sintomas ng COVID-19, hinihikayat ka na mag-alay. Ang pangangailangan para sa sapat na mga donasyon ng dugo mula sa mga taong malusog ay kritikal.

Maaari pa ba akong kumuha ng mga mahahalagang kagamitan sa aking storage unit?

Ang mga pasilidad sa pag-iimbak o self-storage ay hindi mahahalaga o essential maliban kung ito ay para sa pananatili ng pinakamaliit na operasyon ng negosyo at para sa mga kagamitang pang medikal at kaugnay na bagay.

MGA TANONG TUNGKOL SA NEGOSYO, PAGHAHANAPBUHAY, AT MGA OPERASYON NG GOBYERNO

Kailangan bang magsara ang lahat ng mga opisina, business at mga tindahan?

Hindi. Ang "mahahalaga o essential na negosyo" ay maaaring panatilihing bukas ang kanilang mga pasilidad (at hinikayat na panatilihing bukas ito) upang magpatuloy sa pagbibigay ng mahahalagang serbisyo at produkto sa publiko. Maaaring umalis ang mga empleyado sa bahay upang pumunta sa mga trabahong ito.

Ang mga di-mahahalaga o non-essential na negosyo ay maaaring panatilihing bukas ang mga pasilidad sa kondisen na ito ay para mapanatili ang pinakamababang pangunahing operasyon o "minimum basic operations", tulad ng pagpapanatili ng halaga ng isang imbentaryo, panatilihing secure ang site, o tinitiyak na ang mga empleyado ay maaaring makapagtrabaho ng malayo o remote. Hindi ipinagbabawal ng Order ang sinumang mga empleyado na magtrabaho sa bahay.

Ano ang "Mahahalaga/ Essential na Negosyo/ Opisina"?

Nagbibigay ang Order ng sumusunod na listahan ng "Mahahalaga/ Essential na Negosyo":

- i. Mga Operasyong Pangangalaga sa Kalusugan at Mahahalagang Imprastraktura;
- II. Ang mga tindahan ng grocery, sertipikadong farmers' markets, mga stands para sa ani at prutas, supermarket, mga food banks, at iba pang mga tindahan ng delatang pagkain, tuyong kalakal, sariwang prutas at gulay, mga supply ng alagang hayop, sariwang karne, isda, at manok, at anumang iba pang mga produkto ng consumer na pangsambahayan (tulad ng pagkalinisan at mga produktong pangangalaga sa personal). Kasama dito ang mga tindahan

na nagbebenta ng mga produktong panggrocery at iba pang mga produktong hindi grocery, at mga produktong kinakailangan upang mapanatili ang kaligtasan, kalinisan, at mahahalagang operasyong pangtahanan;

iii. Pagtanim o pag-aani, kabilang ang pagsasaka, bakahan, at pangingisda;

iv. Ang mga negosyong nagbibigay ng serbisyo sa pagkain, tirahan, at serbisyong panlipunan, at iba pang mga pangangailangan ng mag mahihirap at mga nangangailangan;

v. Payagan, telebisyon, radio, at iba pang mga serbisiyo sa medya

vi. Mga istasyon ng gas at auto-supply, pagkumpuni ng sasakyan, at mga kaugnay na pasilidad;

vii. Mga bangko at mga kaugnay na institusyong pinansyal;

viii. Mga tindahan ng Hardware;

ix. Ang mga tubero, electrician, exterminator, at iba pang mga nagbibigay ng mga serbisyo na kinakailangan upang mapanatili ang kaligtasan, kalinisan, at mahahalagang operasyon ng mga tirahan, Mahahalagang Aktibidad, at Mahahalagang Negosyo;

x. Mga negosyong nagbibigay ng serbisiyo sa paghahatid ng sulat at pagpapadala ng mga bagay, kasama dito ang "post office boxes"

xi. Ang mga institusyong pang-edukasyon — kabilang ang mga pampubliko at pribadong mga paaralan ng K-12, kolehiyo, at unibersidad — para sa mga layunin ng pagpapadala ng materiales para sa online na pag-aaral, sa kondisyon na social distancing, anim na talampakan sa pagitan ng bawat tao.

xii. Ang mga labahan, mga dry cleaner, at mga serbisyo sa paglalaba;

xiii. Ang mga restawran at iba pang mga pasilidad na naghahanda ng pagkain, ngunit para lamang sa delivery o take out. Ang mga paaralan at iba pang mga entities na karaniwang nagbibigay ng libreng pagkain sa mga mag-aaral o ng publiko ay maaaring magpatuloy sa kanilang operasyon sa ilalim ng Kautusan sa kondisyon na ang pagkaing ibinibigay sa mga mag-aaral o mga miyembro ng publiko ay pang pick-up at take-out lamang. Ang mga paaralan at iba pang mga institusyon na nagbibigay ng mga serbisyo sa pagkain sa ilalim ng eksempsyon na ito ay hindi dapat pahintulutan na kainin sa lugar kung saan ito ay ibinigay, o saan mang lugar ng pagtitipon;

xiv. Ang mga negosyong nagbibigay ng mga produktong kinakailangan para sa mga pagtrabaho mula sa tahanan;

xv. Ang mga negosyong nagbibigay ng mag supplies para sa Mahahalagang Negosyo/Opisina upang maisagawa ang kanilang operasyon;

xvi. Ang mga negosyo na nagpapadala o naghahatid ng mga pamilihan, pagkain, kalakal o serbisyo nang direkta sa mga tirahan;

xvii. Ang mga transportasyong panghimpapawid, taxi, at iba pang mga pribadong transportasyon na nagbibigay ng mga serbisyong kinakailangan para sa Mahahalagang Aktibidad at iba pang mga paggawa na pinahihintulatan sa Kautusang ito;

xviii. Mga home-based na pag-aalaga para sa mga nakatatanda, matatanda, o mga bata;

xix. Mga pasilidad at tirahan para sa mga matatanda at mga bata;

xx. Ang mga propesyonal na serbisyo, tulad ng legal o serbisyo sa accounting, kung kinakailangan upang makatulong sa pagsunod sa mga legal na ipinag-uutos na aktibidad;

xxi. Ang mga pasilidad ng pangangalaga sa bata na nagbibigay ng mga eksemphyon sa mga empleyado ayon sa mga Kautusang ito upang mapahintulatang makapagtrabaho. Hangga't maaari, ang mga pasilidad ng pangangalaga sa bata o "child care" ay dapat gumana sa ilalim ng mga sumusunod na mandatoryang kondisyon:

1. Ang pangangalaga sa bata ay dapat isagawa sa mga matatag na grupo ng 12 o mas kaunti ("matatag" ay nangangahulugang ang parehong 12 o mas kaunting bilang ng mga bata ay nasa parehong grupo bawat araw).
2. Ang mga bata ay dapat hindi pabago-bago ang grupong kinabibilangan.
3. Kung higit sa isang grupo ng mga bata ang inaalagaan sa isang pasilidad, ang bawat grupo ay nasa hiwalay na mga silid. Ang mga grupo ay hindi makikihalubilo sa bawat isa.
4. Ang mga tagapagbigay ng pangangalaga sa bata ay dapat manatiling nag-iisa sa isang grupo ng mga bata.

Paano kung ang aking negosyo ay hindi itinuturing na isang Mahahalaga/ Essential na Negosyo/ Opisina? Kinakailangan ba ng Kautusan na ito na isara ko ang aking pasilidad o opisina?

Pinapayagan ka at ng iyong mga empleyado na magsagawa ng "Minimum Basic Operations" sa lugar ng iyong trabaho, hangga't ang mga empleyado ay nagpapanatili ng distansya ng anim na talampakan mula sa isa't isa hanggang sa abot na makakaya. Kasama sa Minimum Basic Operations ang pagpapanatili ng halaga ng imbentaryo, pagtiyak ng seguridad, at pagtiyak na ang mga empleyado ay maaaring gumawa mula sa malayo o remote. Maliban sa pagpapanatili ng "Minimum Basic Operations," ang mga empleyado ay maaari lamang gumawa nang malayuan mula sa kanilang mga tirahan.

Kinakailangan ba ng Kautusan na isara ang mga paaralan?

Ang Kautusang ito ay hindi pinahihintulatan ang lahat ng mga paaralan na magbukas at magklase sa lahat ng pisikal na lokasyon sa County. Gayunpaman, ang mga paaralan ay maaaring magbigay ng distance learning sa mga mag-aaral. Ang mga empleyado ng mga paaralan ay maaaring pumasok sa trabaho para sa layunin ng pagbibigay ng distance learning sa mga mag-aaral. Ang mga paaralan ay maaari ring magpatuloy sa pag-aalok at pagbibigay ng libreng pananghalian na isinasagawa ng maraming mga paaralan.

Nagtatrabaho ako para sa Apple, Google, o isa pang malaking kumpanya ng teknolohiya na nagbibigay ng mga produkto at serbisyo kritikal na kinakailangang ma-access ng publiko. Ang aking kumpanya ba ay ganap na isasara?

Hindi. Gayunpaman, ang karamihan sa mga empleyado ng naturang mga kumpanya ay kailangang magtatrabaho mula sa bahay. Ang sinumang dapat magtatrabaho sa site upang mapanatili ang "Mahahalagang imprastruktura" para sa pamayanan o upang mapanatili ang "Minimum na Kinakailangan na Mga Operasyon" tulad ng itinukoy sa Kautusan ay maaaring pumasok sa trabaho sa kondisyong panatilihin ang "social distancing".

Maaari bang mapalawak ang aking negosyo para sa sentro ng data upang matiyak ang mga nananatiling serbisyo ay nasa tamang antas sa panahong may mataas na pangangailangan?

Oo, pinapayagan ito bilang konstruksyon upang mapanatili ang pagpapatakbo ng mahahalagang imprastruktura.

Pipigilan ba ng kautusang ito ang mga kumpanya na gumagawa para sa mga bakuna at pagtesting para sa COVID-19 na magpatuloy sa kanilang operasyon?

Hindi. Ang Order ay nagbubukod o may eksempson sa anumang negosyo na nagsasagawa ng trabaho na may kaugnayan sa paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan.

Ako ay nasa negosyo ng paggawa ng pagkain na ibinibigay ko sa mga grocery store at iba pang mga nagtitingi ng pagkain. Kinakailangan ko bang isara?

Hindi. Lahat ng mga supplier ng mahahalagang negosyo ay pinapayagan (at hinihikayat) na magpatuloy sa pagpapatakbo. Kasama dito ang mga negosyong nagbibigay ng mga gamit sa pagkain at naghahanda ng pagkain sa mga grocery store at iba pang mga nagtitingi ng pagkain.

Kinakailangan ba ng Order na itigil ang mga negosyo sa trabaho na kinakailangan sa aming sistema ng pangangalaga sa kalusugan?

Hindi. Ang Order ay nagbubukod o may eksempson sa anumang negosyo na nagsasagawa ng trabaho na may kaugnayan sa paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan.

Maaari bang magpatuloy ang konstruksiyon ng aking kumpanya sa isang pasilidad ng pangangalaga sa kalusugan?

Ang Order ay nagbubukod o may eksempson sa anumang negosyo na nagsasagawa ng trabaho na may kaugnayan sa paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan.

Maaari bang maging posibilidad na ang aking kumpanya na pumunta sa mga laboratoryo na ito sa ilalim ng Kautusan?

Pinapayagan ka at ng iyong mga empleyado na magsagawa ng "Minimum Basic Operations" sa lugar ng iyong trabaho, hangga't ang mga empleyado ay nagpapanatili ng distansya ng anim na talampakan mula sa isa't isa hanggang sa abot ng makakaya. Kung ang pagpunta sa mga lab ng kumpanya ay kinakailangan upang mapanatili ang halaga ng imbentaryo, ang Order ay nagbibigay-daan upang

magpatuloy ang gawaing ito. Maliban dito, ang iyong lab ay maaaring magpatuloy lamang kung nagsasagawa ito ng trabaho na exempted sa Order.

Ang aking negosyo ay pangunahing gumagawa, nagtustos, o nag-aayos ng mga cell phone. Maaari itong mag-operate?

Oo. Kung ang iyong negosyo ay pangunahing nakatuon sa supply o pagkumpuni ng mga cell phone o iba pang mga aparato sa telecommunication, ito ay kabilang sa mahalaga o essential at maaaring magpatuloy na mag-operate sa ilalim ng Kautusan o Order.

Maaari bang magpatuloy ang mga serbisyo sa pagpapaganda ng tanawin o landscaping?

Ang mga serbisyo sa pagpapaganda ng tanawin ay maaaring magpatuloy lamang kung kinakailangan upang maprotektahan ang kaligtasan, kalinisan, o pagpapatakbo ng mga mahahalagang negosyo, tulad ng pagbunot ng damo at iba pang pag-iwas sa sunog, pagputol ng puno upang maiwasan ang mapanganib na kondisyon, o paglinis ng imprastrukturang irigasyon. Ang Landscaping para sa mga kosmetikong dahilan ay maaaring hindi magpatuloy. Ang mga taong gumagawa ng landscape na serbisyo sa ilalim ng kontrata ng mga ahensya ng gobyerno ay dapat kumunsulta sa nauukol na ahensya upang matukoy kung ang kanilang serbisyo ay maituturing na mahalaga.

Pinapayagan ba ang mga non-profit na organisasyon na magpatuloy sa pagpapatakbo?

Kung nagbibigay sila ng mga mahahalagang serbisyo tulad ng inilarawan sa Kautusan, maaari silang magpatuloy at dapat ipagpatuloy ang pagbibigay ng mga mahahalagang serbisyo. Kasama dito ang mga non-profit na pasilidad na nagbibigay ng pagkain, nagbibigay ng pabahay para sa mga walang tirahan at iba pang kritikal na serbisyo.

Paano kung ang ilan sa mga gawaing ginagawa ng aking negosyo sa pasilidad ay mahalaga at ang ilan ay hindi kinakailangan?

Ang iyong negosyo ay maaaring magpatuloy upang mapatakbo ang pasilidad nito upang maisagawa lamang ang mga mahalaga o essential na aspeto ng negosyo. Dapat mong i-maximize ang remote work at sumunod sa mga "social distancions" o pagdidistansyang panlipunan sa pasilidad. Ang pasilidad ay hindi maaaring magpatuloy na isagawa ang mga non-essential na aspeto ng negosyo.

Nagpapatakbo ako ng isang "big box store" na nagbebenta ng ilang damit bilang karagdagan sa mga pamilihan, elektronik, at hardware. Kailangan ko bang isara ang bahagi ng aking tindahan na nagbebenta ng mga hindi kinakailangan o non-essential na mga supply?

Hindi. Maaari mong panatilihin bukas ang iyong buong tindahan kung ito ay pangunahing nagbebenta ng mga mahahalagang kalakal at panustos tulad ng mga suplay sa pagkain at telecommunication.

Paano kung mayroon akong cafeteria sa aking lugar ng trabaho. Maaari ba itong magpatuloy upang upang magserbisyo sa mga manggagawa na nagsasagawa ng trabaho na exempted sa Order?

Ang Cafeteria ay maaaring gumana tulad ng iba pang mga pasilidad sa pagkain. Maaari itong maghatid ng pagkain sa natitirang mga empleyado, hanggat itoy dalhin ng mga empleyado ang

pagkain at huwag kainin ito sa cafeteria. Ang cafeteria ay dapat sundin ang mga kinakailangan social distancing o pagdidistansyang panlipunan na napapailaim ng Kautusan.

Ang local na pamahalaan ba ay magsasara?

Hindi, ang mga mahahalagang tungkulin ng gobyerno ay magpapatuloy, kabilang ang mga unang pagresponde, mga tauhan at pamamahala sa mga emergency, mga dispatchers sa emergency, at pagpapatupad ng batas. Ang iba pang mga tungkulin o tanggapan ng gobyerno ay maaaring mapailalim sa pagbabawas ng mga iskedyul o maaaring isarado bilang bahagi ng pagsisikap na labanan ang pagkalat ng COVID-19.

Nagtatrabaho ako sa pamahalaan — Maaari ba akong magpatuloy sa trabaho?

Ang mga empleyado ng gobyerno ay maaaring magpatuloy upang pumunta sa trabaho kung sila ay itinalaga bilang mahahalagang o essential na empleyado ng kanilang employer. Ang bawat entity ng gobyerno ay may pananagutan sa pagtukoy kung alin sa mga manggagawa ang mga essential na manggagawa.

Ano ang gagawin ko kung inuutusan ako ng aking employer na magtrabaho?

Maraming mga negosyo ang hindi pinapayagan na mag-operate sa ilalim ng Kautusan na ito. Ang Mahahalaga/ Essential na Negosyo, tulad ng tinukoy sa Kautusan, ay pinahihintulutan (at hinikayat) na magpatuloy sa kanilang operasyon. Kung ang iyong trabaho ay hindi isang Mahahalaga/ Essential na Negosyo, hindi ka pinahihintulutan na magtrabaho at ang iyong employer ay hindi pinahihintulutan na ikaw ay papasukin sa irontrabaho malibang ito ay upang makumpleto ang Minimum Basic Operations, na ayon sa mga kondisyon na tinukoy sa Kautusan. Maaari kang magtrabaho mula sa bahay kung pinahihintulutan ng iyong trabaho.

Nagtatrabaho ako sa isang ospital o klinika ng medikal, ngunit hindi ako sigurado na kailangan ako or essential. Dapat bang magpatuloy ako sa trabaho? Paano kung aka ay sa 60 edad o pataas?

LAHAT ng mga empleyado ng mga ospital, klinika, at iba pang mga organisasyon na nagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan, nagbibigay ng mga serbisyo sa mga organisasyon ng pangangalagang pangkalusugan, nagbibigay ng mga kinakailangang suplay sa mga organisasyon ng pangangalagang pangkalusugan, o kung hindi man mapanatili ang mga operasyon ng pangangalaga sa kalusugan ng lahat ng uri ay maaaring magpatuloy sa pagtatrabaho.

Parehong ang Order ng County at ang mungkahi ng Gobernador kamakailan ay nagpapahintulot sa mga mahahalagang manggagawa na higit sa 60 na magpatuloy sa pagtatrabaho, kahit na ang iba sa grupo ng edad na iyon ay inatasan na manatili sa bahay.

Ano ang gagawin ko sa aking mga anak? Kailangan kong magtrabaho.

Kung nagtatrabaho ka para sa isang Mahahalaga/ Essentials na Negosyo, tulad ng inilarawan sa Kautusan, maaari ka at dapat magpatuloy sa pagtatrabaho. Ang ilang mga nagpapatrabaho, paaralan, at mga organisasyong pangkomunidad ay nagbibigay ng pangangalaga sa bata para sa mga

empleado ng mga mahahalagang negosyo. Maaari ka ring gumamit ng isang nars o babysitter upang magbigay ng pangangalaga sa bahay para sa iyong mga anak.

Maaari bang magpatuloy ang operasyon ng pagkukumpuni ng bike?

Oo, ang mga tindahan ng pag-aayos ng bike ay itinuturing bilang isang mahalagang negosyo (kapareho ng mga auto repair shop) dahilang ito ay kinakailangan upang mapadali ang mahahalagang paglalakbay.

Maaari bang magpatuloy ang pagbibigay ng aking kumpanya ng mga serbisyo sa janitorial?

Oo, ang mga serbisyo ng janitorial ay pinapayagan na kinakailangan sa kalusugan at kalinisan.

Maaari bang manatiling bukas ang mga groceries, tindahan para sa pagkain?

Oo. Ang mga tindahan ng grocery, sertipikadong farmers market, mag stands para sa mua aning prutas at gulay, mga supermarket, mga food banks , mga convenient stores, at ang mga katulad na establimento sa pagkain ay hinikayat na manatiling bukas upang magbigay ng mga suplay ng pagkain at alagang hayop sa publiko. Kapag bumibisita sa mga establisyemento na ito, mangyaring tulungan ang mga nagtitinda na mapanatili ang social distancing na hindi bababa sa anim na talampakan ang distansya sa pagitan ng mga parokyano, kasama ang pagbibigay ng sapat na agwat habang namimili at naghihintay sa linya.

Kung ang paaralan ng aking anak ay nagbibigay ng pagkain , maaari ba akong umalis sa bahay upang pumunta sa paaralan upang kunin ang mga pagkain ?

Oo.

Nagpapatakbo ako ng isang pasilidad sa pagkain o “food facility”- anong mga gawi ang dapat kong sundin upang mapanatiling ligtas ang aking mga parokyano?

Sundin ang mga pinakamahusay na gawi na maaaring ipatupad sa operasyon sa mga pasilidad ng pagkain na nabibilang sa Kagawaran ng Kalusugan sa Kalikasan (Department of Environmental Health) ang “COVID-19 Risk Mitigation Measures for Food Facilities”:

[Mga Abiso sa mga Pasilidad sa Pagkain](#) [PDF]

Basahin sa Kagawaran ng Kalusugan ng Kalikasan ang Sulat na Nagpapayo Ukol sa Epekto ng Kautusan sa Pasilidad ng Pagkain:

[Sulat Para sa Pasilidad ng Pagkain](#) [PDF]

Bisitahin ang website ng Department of Environment Health> Novel Coronavirus> [Informational Links for COVID-19](#) para sa mga bagong palatuntunan.

Kumunsulta sa website ng [Public Health Department’s website](#) para sa karagdagang impormasyon.

Maaari ba ang mga bodega at sentro ng pamamahagi/ delivery ng mga supplies ay manatiling bukas?

Oo.

Nagtatrabaho ako para sa isang mahalagang organisasyong pang imprastruktura — maaari bang umalis sa bahay upang makapagtrabaho?

Oo. Ang "Mahahalagang imprastruktura" ay kasama, ngunit hindi limitado sa, pampublikong gawa ng konstruksyon, konstruksyon ng pabahay (partikular mag pabahay para sa mga indibidwal na nakakaranas ng kawalan ng tirahan), operasyon sa paliparan, tubig, gas, elektrikal, refinery ng mag langis, mga kalsada at mga daanan, pampublikong transportasyon, koleksyon ng basura, internet, at mga sistema ng telecommunication (kabilang ang pagkakaloob ng mga mahahalagang pandaigdigang, pambansa, at lokal na imprastruktura para sa mga serbisyo sa computing, imprastruktura ng negosyo, komunikasyon, at mga serbisyong nakabase sa web).

Nagpapatakbo ako ng isang kumpanya ng konstruksyon na nagtatayo ng murang pabahay. Maaari pa ba naming ipagpatuloy ang paggawa ng mga bagong yunit?

Oo. Ang pagtatayo ng mga bagong yunit ng pabahay, kabilang ang market rate na pabahay at murang pabahay ay tinuturing na "essential" o mahalaga. Pinapayagan ng Kautusan na magpatuloy ang mga proyekto sa konstruksyon at gumawa pa ng mga bago kung makakatulong ito at makakapagbigay ng mga bagong stock ng tirahan upang matugunan ang kritikal na pangangailangan ng County para sa karagdagang pabahay.

Nagpapatakbo ako ng isang kumpanya ng konstruksyon na nagtatayo ng murang pabahay. Maaari pa ba naming ipagpatuloy ang paggawa ng mga bagong yunit?

Oo. Ang pagtatayo ng mga bagong yunit ng pabahay, kabilang ang market rate na pabahay at murang pabahay ay tinuturing na "essential" o mahalaga. Pinapayagan ng Kautusan na magpatuloy ang mga proyekto sa konstruksyon at gumawa pa ng mga bago kung makakatulong ito at makakapagbigay ng mga bagong stock ng tirahan upang matugunan ang kritikal na pangangailangan ng County para sa karagdagang pabahay.

Ako ay nasa kalagitnaan ng pagre-remodel. Maaari ba akong magpatuloy sa aking proyekto sa konstruksyon?

Oo. Ang mga proyekto sa renovation ng mga bahay ng anumang uri ay maaaring magpatuloy kung kinakailangan para isang ligtas, sanitary, at functional na bahay. Gayundin, ang mga proyekto sa pagreremodel ng tirahan na bahagyang nakumpleto ay maaaring magpatuloy kung ang pagkaantala ay magdudulot ng panganib sa kaligtasan, seguridad, o sa kalinisan sa mga residente o makakaapekto sa kakayahang magamit ang tirahan.

Mayroon akong proyekto sa konstruksyon na maaaring masira kung hindi ko ipagpapatuloy ang paggawa nito. Maari ko bang tapusin ang proyekto kahit na ito ay hindi ugnay sa probiso ng pangkalusugan o "healthcare", pabahay o ng anumang mahalagang imprastraktura?

Ang Kautusan ay pinapayagan ang mga pinakamababang pangunahin na operasyon o "minimum basic operations" sa mga konstruksyong hindi "essential" o mahalaga. Maaaring magpadala ng mga empleyado upang matiyak na hindi magkaroon ng pinsala sa konstruksyon. Maari din magpatuloy ang konstruksyon sa dahilan lamang na ito ay para maiwasan ang pagkasira halimbawa ang pagkumpleto ng bubong o pagsisiguro na may maayos na paagusan pagkatapos ng pagpapatag o grading.

Mayroon akong kontratista na nakatakdang magsimula ng pagreremodel sa susunod na linggo. Maaari ba akong magpatuloy sa proyektong ito?

Dapat mong ipagpaliban ang iyong pagreremodel o renovation maliban kung kinakailangan ito upang maibalik ang iyong bahay sa kaligtasan, kalinisan at maaaring matirahan.

Pinapayagan ba ang pangkalahatang komersyal na konstruksyon?

Maliban kung ang iyong proyekto sa konstruksyon ay isang pasilidad sa pangangalaga sa kalusugan (healthcare), ito ay pinahihintulutan lamang kung ito ay kinakailangan sa pagpapatakbo o pagpapanatili ng "mahahalaga (essential) na imprastraktura," na naaayon sa Kautusan.

Paano kung nais kong magtrabaho sa isang pisikal na lokasyon sa County at wala akong sakit?

Maliban kung ang iyong trabaho ay exempted sa Kautusan, hindi ka maaaring magtatrabaho sa isang pisikal na lokasyon sa County. Maaari kang gumana mula sa bahay para sa anumang negosyo/opisina kung pinahihintulutan ito ng iyong employer.

Maaari ba akong magpatakbo ng isang negosyo na nagbebenta ng mga bagay na maihatid sa mga tahanan ng mga tao? Maaari ko bang ilipat ang higit pa sa aking negosyo sa isang modelo ng paghahatid o delivery mode?

Ang mga paghatid/delivery ay maaaring magpatuloy para sa mga tahanan, at maaari mong ayusin ang iyong modelo ng negosyo nang naaayon dito habang ang Kautusan na ito ay ipinapatupad.

Ang aking negosyo ay nagbibigay ng mga kritikal na serbisyo at produkto para sa pamahalaang pederal na kinakailangan naming ibigay sa takdang oras - maaari ba naming ipagpatuloy ang paggawa ng mga produktong ito o gawin ang mga serbisyong ito?

Ang mga empleyado at mga kontratista ng anumang entidad ng gobyerno ay maaaring magpatuloy na magbigay ng mga serbisyo at produkto kung ang ahensya ng gobyerno ay magpasiya na kinakailangan o essential sila upang maisagawa ang isang mahalagang operasyon ng gobyerno.

Nagtatrabaho ako sa isang sementeryo - makakapunta ba ako sa trabaho?

Oo, ang mga sementeryo ay mahalagang imprastraktura.

Pinapayagan bang mag-operate ang mga pasilidad sa daycare?

Ang mga pasilidad sa daycare ay maaaring magpatuloy, ngunit kung susundin lamang ang mga ipinag-uutos na kondisyon na nakasaad sa ibaba at ibigay lamang ang pangangalaga sa daycare sa mga anak ng mga empleyado na exempted sa ilalim ng Order. Kasama dito ang mga empleyado ng mahahalagang/essential negosyo, empleyado na nagbibigay ng "minimum basic operations" ng mga di-mahahalagang negosyo, at mga empleyado ng gobyerno na nagbibigay ng mahahalagang tungkulin ng pamahalaan.

Upang gumana, ang mga pasilidad sa daycare ay dapat sumunod sa mga mandatoryong ipinag-uutos na kondisyon:

- 1) Ang pangangalaga sa bata ay dapat isagawa sa mga matatag na grupo ng 12 o mas kaunting mga bata (nangangahulugang ang parehong 12 o mas kaunting mga bata ay nasa parehong pangkat bawat araw);
- 2) Ang mga bata ay hindi maaaring magbago mula sa isang pangkat sa isa pa;
- 3) Kung higit sa isang grupo ng mga bata ang inaalagaan sa isang pasilidad, ang bawat grupo ay nasa hiwalay na miá silid. Ang mga pangkat ay hindi makihalubilo sa bawat isa.
- 4) Ang ibinigay na pangangalaga sa bata ay dapat manatili lamang sa isang pangkat ng mga bata. Hindi nila maaaring magrotate sa mga grupo.

Maaari bang magpatuloy ang mga manggagawa sa mga serbisyo sa bahay?

Ang mga manggagawa sa serbisyo sa bahay o home service ay maaaring magbigay ng mga serbisyo sa mga tirahan kung ito ay mahalaga sa kalusugan, kaligtasan, kalinisan, o ang pananatili ng operasyon ng tirahan. Sa pangkalahatan, nangangahulugan ito na pinahihintulutan ang pagtutubero, pagpapanatili (halimbawa, pag-ayos ng panloob o panlabas na pagtagas ng tubig), kontrol sa peste, o katulad na mga serbisyo na kinakailangan upang mapanatili ang kaligtasan at sanitaryo ng sambahayan. Ang kosmetiko at iba pang mga hindi mahahalagang serbisyo sa bahay ay dapat ipagpaliban upang mabawasan ang panganib ng pagkahawa. Ang pangangalaga sa bata na nakabase sa bahay ay pinapayagan din sa ilalim ng Kautusan.

Maaari bang magpatuloy ang mga manggagawa sa mga home service?

Ang mga manggagawang nagbibigay serbisyo sa bahay ay maaaring magbigay ng mga serbisyo sa mga tirahan kung ito ay mahalaga sa kalusugan, kaligtasan, kalinisan, o ang pananatili ng operasyon ng tirahan. Sa pangkalahatan, nangangahulugan ito na pinahihintulutan ang pagtutubero, maintenance (halimbawa, pag-ayos ng panloob o panlabas na pagtagas ng tubig), kontrol sa peste, o katulad ng mga serbisyo na kinakailangan upang mapanatili ang kaligtasan at sanitaryo ng sambahayan. Ang landscape o iba pang mga serbisyo na nagbibigay ng pangkalahatang kagandahan ng paligid ay hindi pinahihintulutan. Hinihimok ng County ang mga hindi mahalaga o "non-essential" na serbisyo sa bahay na ipagpaliban ito upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng virus.

Kung nagpapatakbo ako ng isang hindi mahahalagang negosyo na may isang tindahang tingian, pinapayagan ba akong isaayos o ibahin ang aking negosyo upang maihatid o magdeliver ng mga produkto sa mga tahanan?

Oo.

Nagpapatakbo ako ng isang tindahan na nagbebenta ng mga hindi mahahalagang kalakal, ngunit nagbebenta din ito ng maliit na bahagi ng mga mahahalagang kalakal tulad ng pagkain, o mga produkto na nagpapahintulot sa mga tao na magtrabaho mula sa bahay. Maaari ko bang ipagpatuloy ang pagbebenta ng mga produkto sa mga parokyano sa aking tindahan?

Hindi. Ang iyong tindahan ay maaaring maghatid ng mga bagay nang direkta sa mga tirahan ng mga parokyano. Maliban dito, maaari mo lamang mapanatili ang pinakamababang pangunahing operasyon o "minimum basic operations", tulad ng seguridad at pag-iingat sa iyong imbentaryo.

Ako ay isang nanny. Mapapahamak o magkakaproblema ba ako kung magtrabaho?

Pinapayagan ng Order ang mga nannies at babysitter na mangalaga ng mga bata sa pamamahay ng inaalagahang bata upang magpatuloy sa pagtatrabaho.

Maaari bang magpatuloy ang mga notaryong pampubliko?

Oo.

Maaari bang magpatuloy ng serbisyo ang mga kumpanya ng title insurance?

Oo.

Pinapayagan bang magpatuloy ang operasyon ng mga namamahagi at nagtanim ng cannabis?

Ang mga pamamahaging medikal ay maaaring magpatuloy sa ilalim ng mga eksepsiyon sa industriya ng pangangalagang pangkalusugan. Ang mga tagapagbigay-serbisyo sa mga pamamahagi ng medikal at mga lisensyadong medikal na tagatanim ay maaaring magpatakbo rin. Ang pagbubungkal, pagtustus, at pamamahagi ng di-medikal ay ipinagbabawal, maliban sa paghahatid nang direkta o delivery sa mga tirahan.

Maaari bang bumili ng panglibangang cannabis para ito ay i-take-out lamang?

Hindi.

Maaari ba akong magpa-deliber ng cannabis sa aking tirahan?

Oo. Pinapayagan ng Kautusan ang mga negosyo na maghatid ng mga produkto sa mga tirahan.

Maaari bang magbenta ng mga sasakyan sa "online" at maihatid ito sa mga tirahan ng mga tao?

Oo. Pinapayagan ng Order ang mga negosyo na maghatid ng mga produkto sa mga tirahan.

Ang aking panindang produkto na tingi o "retail" ay hindi eksempted - maihahatid ba namin o maideliber ang mga produkto sa mga tahanan?

Oo. Pinapayagan ng Order ang mga negosyo na maghatid ng mga produkto sa mga tirahan.

MGA TANONG TUNGKOL SA PAGLALAKBAY

Maaari ba akong sumakay sa aking paboritong pagsakay sa share / on demand na serbisyo o taksi?

Ang mga serbisyong ito ay maaari lamang magamit para sa "mahahalaga/essential aktibidad," upang makapunta at makauwi galing sa trabaho upang mapangasiwaan ang "mahahalaga/essential negosyo," o magbigay ng "mahahalagang operasyon ng pamamahalaan," dahil ang mga bagay na ito ay tinukoy sa Kautusan. Gayundin, ang dikit-dikit na pag-upo sa loob ng sasakyan ng mga kasamang pasahero ay dapat iwasan kung posible.

Maaari ba akong sumakay ng pampublikong sasakyan (bus, subway, tren)?

Oo, ngunit ang pampublikong pagbibiyaha ay maaari lamang magamit upang maisagawa ang "mahahalagang aktibidad," para makapunta at makauwi galing trabaho upang mapatakbo ang "mahahalagang negosyo," o upang mapanatili ang "mahahalagang operasyon ng gobyerno," dahil ang mga kondisyong ito ay tinukoy sa Kautusan. Kapag gumagamit ng pampublikong transportasyon, dapat mong mapanatili ang hindi bababa sa layo na anim (6) na talampakan mula sa isa't isa, na humigit-kumulang dalawa hanggang tatlong hakbang ang layo, kabilang na kung ikaw ay nasa bus o sa mga tren.

Pinayagan ba akong iwan ang mga lugar na tinutukoy ng Kautusan upang maglakbay papunta sa trabaho na nasa labas ng Bay Area? Pinapayagan ba ako ng Kautusan na lumabas ng County?

Oo, ngunit para lamang maisagawa ang "mahahalaga/ essentials na aktibidad," magpatakbo ng "mahahalagang negosyo," o upang mapanatili ang "mahahalagang operasyon ng gobyerno," na tinukoy sa Kautusan. Kung hindi sa alin mang ito, ang sagot ay hindi dahil inilalagay mo at ang komunidad sa panganib.

Kasalukuyan akong nagbabakasyon sa labas ng County — Pinapayagan ba ako ng Order na bumalik sa aking tahanan?

Oo.

Kung nasa labas ako ng county na naglalakbay para magbakasyon o magnegosyo, pinapayagan ba akong umuwi?

Pinapayagan ka ng Order na bumalik ka sa iyong tahanan.

Bumisita ako at nanatili sa isang hotel, kasama ang pamilya / mga kaibigan, o sa maikling panahon ng paglagi. Ano ang dapat kong gawin? Puwede ba akong umuwi?

Oo, maaari mong iwanan ang County para sa layunin ng pag-uwi.

Kung ako ay nasa labas ng County, maaari ba akong maglakbay sa County?

Sumasailalim ka sa mga paghihigpit na ipinapatupad para sa paglalakbay bilang mga indibidwal na kasalukuyang nasa County. Maaari kang maglakbay sa County upang magsagawa ng "mahahalagang aktibidad," gumana upang mapatakbo ang "mahahalagang negosyo/opisina," o mapanatili ang "mahahalagang pag-operate ng gobyerno" dahil ang mga termino nito ay tinukoy sa Kautusan.

IBA PANG MGA KATANUNGAN

Paano kung nasa linya ako at walang anim na talampakan sa pagitan ko at sa iba pa?

Dapat mo pa ring subukang mapanatili ang hindi bababa sa anim na talampakan ang pagitan mo sa iba. Kapag hindi posible gawin sa maikling panahon lamang. At siguraduhin na kung nasa linya ay hindi ka bumahing o umubo sa mga tao. Kung kinakailangan, umubo o magbahing sa iyong shirt o sa iyong siko na may kasuutan.

Paano kung ang aking mga tubo o plumbing ay barado o mga problema sa mga kinakailangang kagamitan sa aking bahay? Paano ko mai-access ang mga uring ito ng serbisyo?

Tumawag sa iyong tubero o manager ng gusali. Pinapayagan ng Kautusan na ito ang mga service provider tulad ng mga tubero, electrician, at exterminator na magpatuloy sa pagtatrabaho at pagbibigay ng kanilang mga serbisyo sa publiko. Upang makakuha ng mga supply para sa isang solusyon sa DIY, maaari mo ring bisitahin ang iyong tindahan ng hardware, na pinapayagan na manatiling bukas sa ilalim ng Order na ito.

Ano ang gagawin ko tungkol sa aking mahal sa buhay na nangangailangan ng pangangalaga mula sa akin?

Pinapayagan kang magbigay ng pangangalaga o tumulong sa pagkuha ng mga suplay para sa mga mahal sa buhay, kahit na hindi sila nakatira sa iyong tahanan. Ngunit huwag magbigay ng pangangalaga o kunin ang mga suplay kung ikaw ay may sakit at may ibang makakatulong sa kanila. Kung ikaw ay may sakit, mangyaring subukang ihiwalay ang sarili o gumawa ng iba pang mga hakbang upang hindi makahawa sa iba.

Pinapayagan ba ang mga libing?

Ang mga libing ay maaaring magpatuloy sa pinakamaliit na bilang ng mga mga taong dadalo. Hindi hihigit sa 15 katao ang maaaring dumalo sa isang libing. Ang mga libing ay dapat isagawa nang mahigpit na may pagsunod sa social distancing o pagdidistansyang panlipunan na isinasaad sa Kautusan.

Maaari bang ang mga residente ng mga pasilidad para sa samasamang paninirahan o "group living" tulad ng mga pasilidad o tirahan para sa mga senior ay kumain ng samasama sa hapag-kainan o cafeteria.

Kung ang mga pasilidad ay mayroong mga hiwalay na silid o pribadong kuwarto na kung saan maaaring ang mga residente ay kumain, kung gayon ang pagkain ay dapat ihain sa paraang "take out" lamang. Kung ang pagkonsumo ng pagkain sa mga indibidwal na yunit o silid ay hindi maaari, kung gayon ang mga residente ay maaaring kumain sa mga silid-kainan o mga cafeteria. Ang mga pasilidad ay dapat sumunod sa kautusan ng "social distancing" o pagdidistansyang panlipunan hanggang sa pinakamatibay na paraan, kabilang dito ay paghihintay o pagpila para sa pagkain.

Ano ang mangyayari kung hindi ako sumunod sa Order na ito?

Ito ay isang legal na ipinatutupad na kautusan na inilabas sa ilalim ng batas ng California. Isang krimen ang paglabag sa Order na ito, at maaari kang parusahan ng multa o pagkakabilanggo sa paggawa nito.

Bakit ipinatutupad ang Kautusang ito?

Ang Kautusang ito ay ipinatutupad bilang pagresponde sa kasalukuyang lumalaganap ng sakit na COVID-19 sa Bay Area. Sa pangkasalukuyan, ang pandaigdigang pandemya, ang virus na ito ay lumalaganap sa lahat ng mga hurisdiksyon na natinutukoy sa Kautusan na ito. Mayroong malaking paglaganap ng virus sa komunidad, na madaling kumalat sa mga tao. Ang isang malaking hamon sa pagkontrol sa paglaganap ng virus ay maraming mga tao na may virus na walang mga sintomas o mahinang sintomas. Ngunit madali silang makapagkalat ng virus kahit hindi malala ang pakiramdam nila. At ang virus ay tumatagal ng mahabang oras sa mga surface o ibabaw ng mga kasangkapan. (tatagal ng ilang oras hanggang ilang araw).

Sa kasamaang palad, ang virus na ito ay maaaring maging sanhi ng malubhang sintomas sa ilang mga tao at maaaring ikasanhi ng kamatayan. Ang ilan sa mga mahahawa ng virus, lalo na sa mga 60 taong gulang, yaong mga immunosuppressed (mahina ang immune, at mga maraming sakit, ay maaaring mahantong sa lubhang komplikasyon tulad ng lagnat, pneumonia at sa iba ang pagkamatay. Wala pang naaprobahang gamot o lunas sa COVID-19. Ito ay nangangahulagn na ang taong malubha ang karamdaman sanhi ng virus ay kinakailangan ng interbensyong medikal tulad ng oxygen o aparatus sa pagtulong sa paghinga.

Sa kadahilang mabilis na paglaganap, kung walang dramatikong interbensyon tulad ng Kautusang ito, ito ay magdudulot ng malaganap na pangangailang medikal na atensyon sa mga ospital at ito ay maaring sumubra ang dami ng mga nangagailangan. Maaring magkaroon ng kakulangan sa mga kama o kagamitan upang mapangalagaan ang malulubhang pasyente. Ang mga tagapangalaga at mga first responders ay maaari ding sumapanganib, at kung sila ay magkasakit, magkakaroon ng kakulangan sa mga tagapangalaga o serbisyo ng mga unang rumiresponde. Sa dahilang ito, kritikal na gawin ang lahat ng makakaya upang mapabagal ang paglaganap ng sakit na ito. Sa paggawa nito ay makakatulong na magkaroon ng "flatten curve" upang bumagal ang paglaganap ng virus at makatulong sa ating sistemang pangkalusugan. Kapag itoy magtagumpay, nangangahulugang magkakaroon ng sapat na pag-iingat na pangkalusugan para sa mga may COVID-19 o sa mga nangangailangan ng emergency para sa aksidente, atake sa puso, strokes, at iba pang malulubhang karamadaman.

Kailangang gawin natin ang ating bahagi upang maprotektahan ang lahat sa komunidad. Ang pinakamahasag na gagawin ay ang pag-iwas sa mga pagtitipon sa pamamagitan ng pananatili sa bahay upang maiwasan ang karagdagang pagkalat ng virus.

Bakit ngayon?

Ang Kautusan na ito ay ipinapatupad ngayon dahil sa bilis ng pag-impeksyon sa anim na mataong Counties ng Bay Area at Lungsod ng Berkeley ay nagbabadya na ang sitwasyon ay kritikal at lalala pa nang mabilis at lubusan kung walang mahigpit na interbensyon. Ang ilang mga hurisdiksyon ay naniniwala na ang kanilang mga sistema ng pangangalaga sa kalusugan ay di makayanan o maging malabis ang pangangailangan sa susunod na mga linggo. Para sa mga nasasakupang hurisdiksyon, kakailanganin na pabagalin ang paglaganap hanggat sa makakaya. Sa mas lalong madaling panahong maisasagawa ang mga nakatakdang hakbang na ito, ay mas magiging epektibo ang mga ito dahil sa paraan ng pagkalat ng virus.